

Liberty Dental Plan – Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions, FAQs)

Pangkalahatang-ideya

Ang Alameda Alliance Wellness (HMO D-SNP) at Liberty Dental Plan ay nakatuon sa pagpapabuti ng kalusugan ng bibig ng aming mga miyembro. Ang listahan ng mga madalas itanong (frequently asked questions, FAQs) na ito ay makakatulong sa iyo na maunawaan ang iyong mga benepisyo sa ngipin.

T: Sino ang Liberty Dental Plan?

S: Nagbibigay na ang Liberty Dental Plan ng mga benepisyo sa ngipin mula pa noong 2001. Ang Liberty ay may network ng mga kinontratang provider na nagbibigay ng pangangalaga sa ngipin sa mga miyembro ng Alameda Alliance Wellness.

T: Ano ang network ng Eksklusibong Organisasyon ng Provider (Exclusive Provider Organization, EPO)?

S: Ang Eksklusibong Organisasyon ng Provider (Exclusive Provider Organization, EPO) ng Liberty Dental Plan ay ang network ng mga provider na dapat mong gamitin para sa iyong mga benepisyo sa Liberty Dental Plan.

T: Paano naiiba ang mga benepisyo ng Liberty Dental Plan sa mga benepisyong ibinibigay ng Medi-Cal Dental?

S: Nag-aalok ang Alameda Alliance Wellness ng mga benepisyo sa ngipin bilang karagdagan sa mga benepisyo ng Medi-Cal Dental. Magkatuwang ang mga benepisyong ito upang magamit mo ang iyong mga benepisyo sa Liberty Dental Plan at mga benepisyo sa ngipin ng Medi-Cal.

T: Kailangan ko bang gamitin muna ang aking mga benepisyo sa Medi-Cal Dental bago gamitin ang aking mga benepisyo sa Alameda Alliance Wellness Liberty Dental Plan?

S: Ang iyong dentista (provider) ang unang sisingil sa Liberty Dental Plan, at pagkatapos ay sa Medi-Cal Dental, o bilang huling opsyon. Kung may mga karagdagang benepisyo na inaalok at sakop ng Medi-Cal Dental, sisingilin ng iyong dentista (provider) ang Medi-Cal Dental para sa mga serbisyong iyon.

Liberty Dental Plan – Mga FAQ

T: Makakatanggap ba ako ng hiwalay na member ID card para magamit ang mga benepisyo sa ngipin?

S: Hindi, hindi ka makakatanggap ng hiwalay na member ID card para sa mga benepisyo sa ngipin. Ipakita ang iyong Alameda Alliance Wellness member ID card at Kard ng Pagkakakilanlan ng mga Benepisyo ng Medi-Cal (Medi-Cal Benefits Identification Card, BIC) sa iyong appointment sa dentista.

T: Kailangan ko ba ng referral para magpatingin sa isang espesyalista?

S: Hindi, hindi kinakailangan ang referral para sa Liberty Dental Plan.

T: Paano ako makakakuha ng paunang pahintulot (pag-apruba) para sa mga serbisyo?

S: Kapag nagsumite ang dentista (provider) ng kahilingan para sa paunang pahintulot (prior authorization, PA), makakatanggap ka ng kopya ng pinal na desisyon. Maaari ka ring tumawag sa Liberty Dental Plan para makakuha ng update.

T: Kailangan ko bang italaga sa dentista o klinika ng dentista?

S: Hindi, hindi mo kailangang italaga sa dentista o klinika ng dentista, ngunit dapat kang magpatingin sa isang provider na nasa network ng Liberty Dental Plan/Medi-Cal Dental.

T: Maaari ko bang ipagpatuloy ang paggamit sa dati kong dental provider sa ilalim ng Medi-Cal Dental?

S: Dapat kang magpatingin sa provider na nasa network ng Liberty Dental Plan/Medi-Cal Dental. Para makahanap ng provider na bahagi ng network, pakibisita ang <https://findadentist.libertydentalplan.com>. Sa ilalim ng “**Network**,” tiyaking piliin ang “**Alameda Alliance Wellness D-SNP**”. Ang lahat ng provider na nakalista sa direktoryo ng network ay parehong provider ng Liberty Dental Plan at Medi-Cal Dental.

T: Ano ang saklaw ng pustiso sa planong ito?

S: Napapailalim sa Medi-Cal Dental ang mga alituntunin sa saklaw ng pustiso.

T: Magkano ang kailangan kong bayaran?

S: \$0 ang babayaran mo para sa mga saklaw na serbisyo.

T: Paano kung mayroon akong isa pang pribadong dental plan? Paano pagsasabay-sabayin ang mga benepisyo?

S: Kung mayroon kang pribadong freestanding dental plan, ito ang magiging pangunahing plano, at ang Liberty Dental Plan ang magiging pangalawang plano.

Liberty Dental Plan – Mga FAQ

T: Paano ako makakakuha ng impormasyon tungkol sa mga saklaw sa ilalim ng planong ito?

S: Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iyong mga benepisyo sa Liberty Dental Plan, mangyaring makipag-ugnayan sa:

Liberty Dental Plan

Walang Bayad: **1.888.704.9838**

TTY: **1.877.855.8039**

libertydentalplan.com

T: Paano ako makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga benepisyo ng Medi-Cal Dental?

S: Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga benepisyo ng Medi-Cal Dental, mangyaring makipag-ugnayan sa:

Medi-Cal Dental: Smile, California

Walang Bayad: **1.800.322.6384**

TTY: **1.800.735.2922**

<https://smilecalifornia.org/contact-us>

Ang Alameda Alliance Wellness ay isang HMO D-SNP plan na may kontrata sa Medicare at may kontrata sa California State Medi-Cal (Medicaid) Program. Ang pagpapatala sa Alameda Alliance Wellness ay nakadepende sa pag-renew ng kontrata.